

Leksikong Kultural ng Tagalog at Sinugbuanon: Isang Analisis

Cultural Lexicon of Tagalog and Sinugbuanon: An Analysis

William S. Augusto Jr.
Cebu Normal University, Philippines
jjaugusto05@gmail.com

Abstrak: Nilayon ng pag-aaral na ito na suriin ang leksikong kultural ng wikang Tagalog at wikang Sinugbuanon. Sinikap na sagutin ang sumusunod: (1) Alin sa mga salitang naitalâ sa wikang Tagalog at Sinugbuanong Binisaya ang may magkaparehong anyo? (2) Ano-ano ang tamang pagbigkas nito ayon sa ponolohikong estruktura ng mga salita? (3) Ano-ano ang kahulugan o rehistro ng mga ito sa bawat wikang pinagmulan nito? (4) Sa ano-anong bahagi ng pananalita ang mga salitang ito napabibilang? Pamaraang deskriptibo o palarawan na nilapatan ng pagsusuring estruktural ang ginamit sa pag-aaral na ito at sa pag-aanalisa sa rehistro ng mga salita, ginamit ang semantic signal na teknik na naaayon sa sosyolingguwistikong pagpapakahulugan nito at ang teorya ng *semantic field* na paraan ng pagkilala ng kahulugan ng salita sa pagbibigay ng mga salita na nauugnay nito. Natuklasan na (1) maraming mga salita sa Tagalog at Sinugbuanon ang magkakapareho sa palatunugan at palabuan. Ang pagkakatulad nito ang dahilan sa pagkakapareho ng mga ito sa paraan ng pagbigkas na mauuring malumay, mabilis, at maragsa. (2) Kahit magkakatulad ang mga salita sa baybay at bigkas ng Tagalog at Sinugbuanon, nagkakaiba pa rin ito sa kahulugan/rehistro buhat na rin sa heograpiko at sosyolingguwistikong dimensyon ng isang lugar. (3) Marami sa magkakatulad na salitang Tagalog at Sinugbuanon ang nagkaiba ang kinabibilangan at may mga iba na nanatili ang bahagi ng pananalita ng dalawang wika. Kahit may mga nananatiling magkapareho ng bahagi ng pananalita, hindi pa rin ito dahilan sa pagkakapareho ng kahulugan nito. Ang wika ay talagang nakabatay sa lugar kung saan ito nabubuhay at umiiral. Ang pagkakapareho ng mga salita sa Tagalog at Sinugbuanon ay palatandaan ng ugnayan ng mga wika sa Pilipinas buhat sa iisang angkan pinagmulan nito at ang pagkakaiba ng kahulugan nito ay buhat sa heograpiko at kultural na aspekto ng bawat lugar.

Mga Susing Salita: leksikon, kultural, Sinugbuanon, Tagalog, rehistro

Abstract: This study aimed to examine the lexicon structure of Tagalog and Sinugbuanon. It sought to answer the following: (1) Which of the listed words from Tagalog and Sinugbuanon has the same form? (2) What is the appropriate enunciation of these words? (3) What is the meaning or register of these words in/from both languages? (4) In which parts of speech do these words belong? Moreover, it utilized descriptive methodology and structural analysis. In examining the register of the words, semantic signal technique which relates to the sociolinguistic meaning of words was used. It was also anchored to the theory of semantic field which is considered as the way of identifying word meaning that is related to it. It was found out that

(1) there are several words in Tagalog and Sinugbuanon that have the same phonological and morphological structure. This is the reason why these words have the same enunciation which is identified as the following: malumay, mabilis at maragsa. (2) Even though these words have the same spelling and enunciation, they still have different meaning or register because of the geographical and sociolinguistic dimension. (3) A lot of the listed similar words from Tagalog and Sinugbuanon belonged to the same parts of speech and some of it changed. But, even there are words remained the same in the parts of speech, the meanings are still different. Language is really dependent on the culture of a certain place. The similarity of vocabulary of Tagalog and Sinugbuanon proves us that every language in the Philippines is connected due to its same origin. The cultural and geographical dimension affects the meaning of every word in a certain place.

Keywords: *lexicon, culture, Sinugbuanon, Tagalog, register*

PANIMULA

Ang wika ay nabubúhay kaalinsabay ang kultura sa isang lugar. Ang wika at kultura ay magkakaugnay sa isa't isa sapagkat wika ang bumubúhay sa kultura at kultura naman ang nagpapayaman sa isang wika.

Ang Pilipinas ay isang bansang nahahati sa iba't ibang isla na may iba't ibang kultura. Ang pagkakahati-hati ng bansa ang dahilan ng pagkakaroon nito ng heterogenous na wika, wikang iba-iba ayon sa lugar, grupo, at pangangailangan ng paggamit nito, maraming baryasyon na wika. Ito ay nagtataglay o binubuo ng magkakaibang kontent o elemento. Ang heograpiko at ang sosyolohikong dimensiyon ng lugar ang mga nakaaapekto sa pagkakaroon ng iba't ibang wika. (Dayag, 23)

Ang pagkakaroon ng pagkakaiba nito ay buhat rin sa katangian nitong arbitraryo. Ayon kay Gleason (nasa aklat ni Bernales – 2), isa sa mga katangian ng wika ay arbitraryo. Ibig sabihin nito na ang isang táong walang kaugnayan sa komunidad ay hindi matututong magsalita kung paanong ang mga naninirahan sa komunidad na iyon ay nagsasalita sapagkat ang esensiya ng wika ay panlipunan. Nabubuo ang kahulugan ng isang salita ayon sa pangangailangan, gawain, at paniniwala ng isang lugar.

Ayon sa pag-aaral ni Pasion (7), ang Pilipinas ay may isandaan at walumpu't isang (181) wika. Dalawa

sa pinakalaganap na wika ng bansa ay ang Tagalog at Sugbuanong Binisaya.

Ang wikang Tagalog ay isa sa mga pangunahing wika ng Pilipinas at naging batayan ng pambansang wika mula 1961 hanggang 1987: Pilipino. Ito ang katutubong wika ng mga lalawigan sa Rehiyon IV (CALABARZON at MIMAROPA) at ng Kalakhang Maynila. Sinasalita rin ito sa Hilagang Kapuluang Mariana, na ang mga Filipino ang pinakamalaking pangkat-etnolinguwistiko.

Ang wikang Sebwano: Sinugbuanon ay isang wikang Awstronesyo na sinasalita sa Pilipinas ng humigit kumulang 33 milyong tao at nasa ilalim o kasapi ng pangkat ng mga wikang Bisaya (Philippine Census – 2000). Ito ang may pinakamalaking bílang ng katutubong mananalita sa Pilipinas. Ito ang katutubong wika sa Gitnang Kabisayaan at sa ilang bahagi ng Mindanao. Ayon kay Pesirla (4), sa buong Bisayas at Mindanao sa Pilipinas, Cebu ang pinakapuso at pinagmulan ng Sugbuanong Bisaya na ginagamit ng mga tao sa pakikisalamuha sa iba.

Ang mga wikang ito (Tagalog at Sinugbuanong Binisaya) at iba pang wika sa Pilipinas ay pareparehong nabibilang sa angkanng Malayo-Polinesyo. Ang pagkakapareho sa pinagmulan ng mga wikang ito ay palatandaan na hindi malayong magkaroon ng pagkakapareho sa talasalitaan o bokabularyo ng mga ito.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masagot ang sumusunod: Alin sa mga salitang naitalâ sa wikang Tagalog at Sinugbuanong Binisaya ang may magkakaparehong anyo? Ano-ano ang tamang pagbigkas nito ayon sa ponolohikong estruktura ng mga salita? Ano-ano ang kahulugan o rehistro ng mga ito sa bawat wikang pinagmulan nito? Sa ano-anong bahagi ng pananalita ang mga salitang ito napabibilang?

BATAYANG TEORETIKAL

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla o nakabatay sa teoryang sosyolingguwistikong at teoryang variationist ni Lavov et al (1968). Ang teoryang sosyolingguwistika ay naniniwala na ang wika ay nagkakabúhay dahil sa kultura at ang kultura ay nagkakabúhay dahil sa wika. Ipinapalagay ng teoryang ito na ang wika ay isang panlipunang penomenon. Nagiging makabuluhan ang anumang pahayag, aksiyon, at salita ng isang indibidwal kung ito ay nakakonteksto sa loob ng lipunan at sinasabi sa ibang indibidwal o grupo. At dahil dito, nakabubuo ng iba't ibang konteksto ang paggamit ng wika dahil sa iba't ibang gawain, papel, interes, saloobin, at pananaw ang kasangkot sa komunikasyon.

Ayon kay Constantino (nasa pag-aaral ni Liwanag – 230), ang sosyolingguwistikong teorya ay ang ideya ng paggamit ng heterogenous na wika dahil sa magkakaibang mga indibidwal at grupo na may magkakaibang lugar na tinitirhan, pagtingin, pananaw, atiyud, interes, gawain, pinag-aaralan, at iba pa. Pinaniniwalaan dito na ang wika ay hindi isang simpleng instrumento ng komunikasyon na ginagamit ng indibidwal ayon sa isang sistemang mga alituntunin kundi isang kolektibong puwersa, isang pagsasama-sama ng mga anyo sa isang nagkakaibang kultural at panlipunang mga gawain at grupo.

Ang teoryang variationist naman ni Lavov et al (283 – 348) ay nagsasaad na ang wika ay lagi nang may pagbabago. Ang iba't ibang paraan ng pagsasabi ng isang bagay ay maaaring makita sa nibel ng grammar, sa varayti ng wika, sa iba't ibang estilo, diyalekto at rehistro ng wika na gamit ng bawat indibidwal na tagapagsalita sa iba't ibang lugar at panahon.

Sabi ni Lavov (15 – 20), ang mga tagapagsalita ay gumagamit ng iba't ibang porma upang masabi ang isang kahulugan. Ang pagbabago sa wika ay bunga ng impluwensya ng panlipunan at kultural na faktor. Ito ay maaaring resulta ng kontak at panghihiram, o bunga ng imahinasyon ng isip ng tao. Ang pangunahing kaalaman na ang mga tao ay gumagamit ng iba't ibang wika, ng iba't ibang varayti ng wikang iyon, at ang paggamit ng wikang iyon ay nagbibigay ng iba't ibang kahulugan.

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng pamamaraang palarawan o deskriptib-analitik na nilapatan ng pagsusuring estruktural at sosyolingguwistikong disenyo. Ang mga pangayayari sa pag-aaral na ginagamitan ng palarawang pananaliksik ay kinapapalooban ng pagtatalâ, paglalarawan, pagpapakahulugan, pagsusuri, at paghahambing.

Sa pangangalap ng mga salita gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling na tumutugon sa pamantayan (pagkakapareho ng baybay at bigkas, mga salitang mula sa Sinugbuanon at Tagalog) niya sa pagpili ng mga salita. Mula rito, nakapagtalâ ng tatlong salita ang mananaliksik na inilahad sa isang talahanayan sa kasunod na pahina nito. Kinuha ang mga salitang ito mula sa Swadesh list at mga piling diksyonaryo ng Sebwano (*English/Cebuano Dictionary* ni Rigdon at *KAPULÚNGAN BINISAYÁ-ININGLÍS* ng Project Gutenberg) at Tagalog (*UP Diksyonaryong Filipino* ni Almario at *Bagong Diksyunaryong Filipino* ni Silverio). Ang mga salitang itinalâ ay pawang mga salitang-ugat lámang. Matapos maitalâ ang mga salita, lalapatan ito ng pagsusuring estruktural. Ang pagsusuring estruktural ay nakapokus kung paano ang tamang pagbigkas ng mga salitang magkatulad sa Sinugbuanong Binisaya at Tagalog. Nagkaroon ng pagtatranskrayb sa mga salita upang masuri ang paraan ng pagbigkas ng mga ponolohiyang kinabibilangan ng salita. Sa pagtatranskrayb, pinakinggan ang tamang bigkas nito gamit ang tape recoder. Purposive sampling din ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng mga guro ng pinabigkas ang mga salita. Pinabigkas ang mga salitang Tagalog ng mga guro at propesor ng asignaturang Filipino na nakapagturo ng tatlong taon at higit pa – at Wikang Sinugbuanong Binisaya sa mga guro

ng asignaturang Mother –Tongue na nakapagturo na nang tatlong taon at higit pa. Sa pag-aanalisa sa rehistro ng mga salitang ito, ginamit ang semantic signal na teknik na naaayon sa sosyolingguwistikong pagpapakahulugan nito at ang teorya ng semantic field na paraan ng pagkilála ng kahulugan ng salita sa pagbibigay ng mga salita na nauugnay nito.

Ang pagkilála sa rehistro o kahulugan ng mga salita ay ang batayan sa pagsusuri sa bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng mga talaan ng mga salitang ito.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Diin at Tuldik: Paghahambing at Paghahambing sa Paraan ng Pagbigkas ng Sinugbuanon at Tagalog

May mga salita na may pagkakatulad ang anyo. Ito ay isa uri ng varyasyong leksikal na may pagkakatulad subalit hindi pareho ang kahulugan. Ang pagkakaiba ay maaaring nasa gamit ng mga salita sa bawat lugar. Itinalá at sinuri sa talahanayan 1 ang mga salita sa Tagalog at Sinugbuanong Binisaya na may magkatulad na baybay at bigkas.

Mula sa pagsusuri sa tatlumpung (30) salita sa talahanayan 1, natuklasan na labindalawa (12) sa mga ito ang binibigkas nang mabilis, labing-anim (16) ay binibigkas nang malumay, at dalawa (2) naman ang binibigkas nang maragsa.

Mga Salitang Binibigkas nang Mabilis sa Tagalog at Sinugbuanong Binisaya

Batay sa pakikinig sa inirekord na tamang pagbigkas ng mga salita, ang sumusunod na salita na makikita sa talahanayan ang binibigkas nang mabilis: usa, hangad, buto/butu, palit, bitin, baril, bitaw, lugod/lugud, pagod/pagud, lagay, walis at kamao/kamau.

Ang mga salitang nagtatapos sa katinig at patinig ay maaaring bigkasin nang mabilis. Mauuri ang mga ito bílang mabilis dahil ito ay binibigkas nang tuloy-tuloy at wala itong saglit na pagtaas o paghaba ng patinig sa penultima nito. Ang mga salitang binibigkas nang mabilis ay walang impit sa dulo at ang diin nito ay nasa hulíng patinig ng salita. Ang simbolong ginagamit sa diin nito ay ang pahilis. Makikita sa talahanayan ang mga salitang ito na ginamitan ng sagisag na pahilis (^).

Mga Salitang Binibigkas nang Malumay sa Tagalog at Sinugbuanong Binisaya

Mula sa pagsusuri sa palatunugan ng mga salitang may magkatulad na baybay at bigkas, ang sumusunod na salita ay mauuri sa bigkas na malumay: habol, lansangan, buhat, bugaw, upa, balak, pulong, kumot, gubat, bangaw, sugod, ipon, asa, ipis, at ilog/ilug.

Ang mga salitang ito ay napapabilang sa malumay dahil binibigkas nang dahan-dahan na may kagyat na pagtaas o paghaba ng patinig sa penultima nito.

Ito ay puwede sa mga salitang nagtatapos sa katinig at patinig. Walang impit sa dulo ang paraan ng pagbigkas sa mga salitang ito. May diin naman ang mga salitang ito sa patinig ng penultima.

Mga Salitang Binibigkas nang Maragsa sa Tagalog at Sinugbuanong Binisaya

Batay sa pakikinig ng mananaliksik sa paraan ng pagbigkas ng mga salita ng Tagalog at Sinugbuanong Binisaya, ang sumusunod ang nasuri na may maragsang bigkas: taya at lago.

Ang mga salitang ito ay napapabilang sa maragsa sapagkat nagtatapos sa patinig at binibigkas nang mabilis at tuloy-tuloy at may impit sa dulo. Ito ay may diin na nasa hulíng patinig ng salita na ginagamitan ng tuldik na pakupya (^).

Ponemang /o/ at /u/ sa Sinugbuanong Binisaya

Mapapansin din sa mga salitang binibigkas nang mabilis na nagtatapos sa ponemang /o/ sa wikang Sinugbuanong Binisaya ay malayang nakapagpalitan sa ponemang /u/. Tulad ng /butó/ o na puwedeng bigkasing /butú/, /lugód/ na maaaring maging /lugúd/, /pagód/ na puwedeng bigkasing /pagúd/ at /kamaó/ na maaaring bigkasing /kamaú/. Ganito rin ang nangyayari sa ponemang /o/ at /u/ sa mga salitang binibigkas nang malumay tulad ng salitang /haból/ na maaaring bigkasing /habúl/, ang /pulóng/ ay maaaring bigkasing /pulúng/, /kumót/ na puwedeng maging /kumút/, /sugód/ na maaaring mabigkas na /sugúd/, /ipón/ na puwedeng maging /ipún/ at ang /ilóg/ na maaaring bigkasing /ilúg/. Katulad ng mga salitang binibigkas nang mabilis at malumay, ganito rin ang nangyayari sa mga salitang nagtatapos sa ponemang /o/ sa maragsa na napapalitan din ng ponemang /u/ tulad ng salitang /lagó/ na maaaring bigkasing /lagú/. Likás na sa mga Sebwanon

Talahanayan 1. *Bigkas ng mga Salitang may Magkatulad na Baybay at Bigkas*

Mga Salita	Tagalog	Sinugbuanong Binisaya	Uri ng Pagbigkas
usa	/usá/	/usá/	Mabilis
habol	/há:bol/	/há:bol/ o /há:bul/	Malumay
langgam	/laŋgám/	/laŋgám/	Mabilis
lansangan	/lan:sá: ŋan/	/lan:sá: ŋan/	Malumay
buhat	/bú:hat/	/bú:hat/	Malumay
bugaw	/bú:gaw/	/bú:gaw/	Malumay
hangad	/haŋád/	/haŋád/	Mabilis
buto	/butó/	/butó/ o /butú/	Mabilis
palit	/palít/	/palít/	Mabilis
upa	/ú:pa/	/ú:pa/	Malumay
balak	/bá:lak/	/bá:lak/	Malumay
pulong	/pú:loŋ/	/pú:loŋ/ o /pú:luŋ/	Malumay
taya	/tayâ/	/tayâ/	Maragsa
kumot	/kú:mot/	/kú:mot/ o /kú:mut/	Malumay
bitin	/bitín/	/bitín/	Mabilis
baril	/baríl/	/baríl/	Mabilis
bitaw	/bitáw/	/bitáw/	Mabilis
gubat	/gú:bat/	/gú:bat/	Malumay
bangaw	/bá:ŋaw/	/bá:ŋaw/	Malumay
sugod	/sú:god/	/sú:god/ o /sú:gud/	Malumay
ipon	/i:pon/	/i:pon/ o /i:pun/	Malumay
asa	/á:sa/	/á:sa/	Malumay
lugod	/lúgod/	/lúgod/ o /lúgud/	Mabilis
pagod	/pagód/	/pagód/ o /pagúd/	Mabilis
lagay	/lagáy/	/lagáy/	Mabilis
lago	/lagô/	/lagô/ o /lagû/	Maragsa
ipis	/i:pis/	/i:pis/	Malumay
walis	/walís/	/walís/	Mabilis
kamao	/kamáo/	/kamáo/ o /kamáu/	Mabilis
ilog	/i:log/	/i:log/ o /i:lug/	Malumay

ang pagbigkas sa mga salita na may katigasan lalong-lalo na sa ponemang /o/ na kadalasang nabibigkas ng /u/. Naaapektuhan ito sa diyalektal na aspekto ng wika na nakadepende sa tagapagsalita nito na nakabatay sa heograpikong dimensyon ng isang lugar.

Sa wikang Tagalog, may mga pagkakataon na nagkakaroon rin ng pagpapalitan ang ponemang /o/ at /u/. Ito ay mga ponemang nagbabago o nagpapalitan sa pagbuo ng salita. Nagaganap ito kapag ang isang salita ay nilalapian ng ma- sa unahan at -an sa hulihan. Karaniwan itong makikita sa posisyong inisyal at pinal ng isang salita. Karaniwan ding nagbabago ang diin ng isang salita sa paglalapi nito (Dayag, 36). Karaniwang

nagpapalitan ng mga ponema ay ang /d/ - /t/ , /h/-/n/ at /o/ - /u/. Katulad ng salitang pulong at habol na kung lalagyan ng hulaping /-an/ at /-in/ ay magiging *pulungan* at *habulin* na ito. Mapapansing nagkaroon ng pagbabago sa ponemang /-o/ na naging /-u/. Ito ay dahil sa impluwensiya ng mga katabing tunog nito.

Ipinahayag ni Al-Kufaishi (sa – Jacaban - 45) na mahirap unawain ang mga salita hangga't hindi natin nauunawaan ang mga estruktura nito. Pinaniniwalaan dito na ang kasanayan sa gramatika o estruktura ng wika, palatunugan, mga panlapi at mga salitang-ugat na bumubuo sa mga anumang anyong berbal na pahayag ay kasangkot sa anumang gawain sa paglinang ng

kasanayan sa wika at abilidad sa paggamit nito.

Para kay Hajjai (sa – Jacaban – 57), ang mahihirap na aytem leksikal na mabubuo mula sa mga panlapi at salitang-ugat ay ang pangunahing suliraning kinakaharap ng isang mag-aaral sa pagbása ng anumang teksto. Kayâ, nararapat na matutuhan nila ang ponolohiya o palatunugan at morpolohiya o palabuuan ng mga salita upang maiparating nang maayos ang kanilang mensahe sa tagatanggap.

Ang pagkakapareho ng palatunugan ng Tagalog at Sebwano ay tanda ng magkatulad na angkang pinagmulan ng mga wikang ito, ang Malayo-Polinesyo.

Rehistro ng wikang Tagalog at Sinugbuanong Binisaya

Sinuri sa Talahanayan 2 ang rehistro ng mga salita sa Tagalog at Sinugbuanong Binisaya na may magkatulad na baybay at bigkas.

Mapapansin sa talahanayan sa kasunod na pahina at sa pagkagamit ng mga salitang magkakatulad sa nasabing dalawang wika na magkaiba ang pagpapakahulugan o pagkagamit ng bawat wika. Nagkakaroon ito ng baryasyon na naaayon sa konteksto ng bawat lugar kung saan ito umiiral.

Kahit na magkatulad sa baybay at sa paraan ng pagbigkas, hindi pa rin ito sapat para ang mga salita sa magkaibang wika na magkaroon ng magkaparehong kahulugan. Ang heograpikong dimensiyon ang isa sa mga nakaaapekto sa pagkakaibang ito. Maliban dito, masasabing ang kultural na aspekto ng lugar ay siyang nagpapairal din sa mga wikang ito. Ito ang tinatawag na leksikong pangkultural.

Bawat pangkat ng mga táong naninirahan sa isang bansa, bayan, pook, o pamayanan ay may sariling kultura. Ang kultura, sa payak na kahulugan, ay ang sining, wika, literatura, paniniwala, at kaugalian ng isang pangkat ng mga táong nananahanan sa isang pamayanan. (Santiago, 78).

Ang isa sa mga pinakamahalaga sa tao at lipunan ay ang wika. Samantála ang wika ay nabuo para sa tao at lipunan. Ang pahayag na ito ay akma sa mga nabanggit ni Gleason hinggil sa katangian ng wika na ito ay arbitrario at bahagi ito ng isang kultura. Ang wika ay nabubúhay sa lipunan kung saan umiiral ang kultura at patuloy itong lumalaganap dahil sa mga táong gumagamit nito. Ang pagkakapareho ng wika na may magkaibang kahulugan ay epekto ng kultura ng isang lugar. Bawat lugar ay may kani-kaniyang set ng

katawagan sa mga gawi, sining, hanap búhay, at iba pa.

Ayon kay Eastman (1971), isa sa mga salik na nakaiimpluwensiya sa pagkakaroon ng varayti ng wika ay ang heograpikong aspekto nito. Ito ay naglalarawan o tumutukoy sa pagkakahiwa-hiwalay ng lugar at pagkakaiba-iba ng wika dahil sa kalat-kalat na lokasyon ng mga tagapagsalita.

Mahalaga ang wika sa isang bayan dahil ito ang anumang binibigkas o isinulat ng tao upang maipahayag ang kaniyang saloobin. Ang wika ang siyang nagbibigay pagkakataon para sa mga tao sa iba't ibang lugar na makapag-usap, na magkaintidihan, at makabuo ng pagkakaisa. Ang kultura naman ay ang mga bagay na tumutukoy sa pangkalahatang gawain o aktibidad ng isang tao sa isang lugar. (Ignacio, 2011, n.p.)

Ang Pilipinas ay nahahati sa mga pulo kaya nagkakaroon ito ng iba't ibang wika. Bawat kapuluan ng bansa ay may kultura na sumisimbolo sa wikang umiiral dito. Ang mga wika sa Pilipinas ay nagmula sa iisang angkan kayâ hindi malayong mangyaring may pagkakapareho ang iba't ibang wika ng bansa mula sa palabuuan, palatunugan at estruktura nito sa mga salita, at pangungusap.

Pagsusuri sa mga Bahagi ng Pananalita

Sinuri sa Talahanayan 3 ang kinabibilangang bahagi ng pananalita ng mga salita sa Tagalog at Sinugbuanon.

Mula sa pagsusuri sa mga salita, dalawampu't isa (21) sa mga salita sa Tagalog ang napabilang sa pangngalan at labing-apat (14) na salita naman sa wikang Sinugbuanong mauuri sa pangngalan. Sa pang-uri naman, tatlong (3) salitang Tagalog ang napabilang dito at lima (5) naman sa wikang Sinugbuanon. Sa pandiwa, anim (6) sa hanay ng wikang Tagalog ang mauuri rito at siyam (9) naman sa hanay ng wikang Sinugbuanon. Sa pang-abay, wala sa hanay ng wikang Tagalog at isa (1) naman sa wikang Sinugbuanon. Sa panghalip, wala sa hanay ng wikang Tagalog at isa (1) naman sa wikang Sinugbuanon.

Sa tatlumpung salitang naitalâng magkakapareho sa wikang Tagalog at Sinugbuanon, pito (7) sa mga ito na pangngalan mula sa Tagalog ang naging pandiwa sa Sinugbuanon tulad ng sumusunod: lansangan, hangad, upa, kumot, ipis, walis at ilog. Apat (4) namang salitang pangngalan mula sa Tagalog ang naging pang-uri sa wikang Sinugbuanon tulad ng usa, taya, lago at kamao. Sampu (10) sa mga salita na pangngalan sa Tagalog ang nanatiling pangngalan sa Sinugbuanon.

Talahanayan 2. *Rehistro ng mga Salitang Magkatulad ang Anyo at Bigkas*

Mga Salita	Rehistro sa Tagalog (Kahulugan mula sa <i>UP Diksyonaryong Filipino</i> ni Almario, <i>Bagong Diksyunaryong Pilipino</i> ni Silverio at <i>online dictionaries</i>)	Rehistro sa Sinugbuanong Binisaya (Kahulugan mula sa <i>English/Cebuano Dictionary</i> ni Rigdon, <i>KAPULÚNGAN BINISAYÁ-INGLÍS</i> ng Project Gutenberg) at <i>online dictionaries</i>)
usa	isang uri ng hayop na mula sa pamilya ng Mamalya at karaniwang makikita sa mga ilang na lugar at sa mga kagubatan. (Ingles: deer)	nagsasaad ng bilang na isa
habol	hindi paglubay sa isang tao para di mawala	bagay na gawa sa tela na gamit sa pantulog at pampawi ng ginaw
langgam	isang kulisap na maliit, may sungot, at walang pakpak at masakit mangagat	tawag sa ibon o hayop na may pakpak at lumilipad
lansangan	tumukoy sa kalye na daanan ng sasakyan	paglagay ng pakò o pakuan ang isang isang bagay
buhat	pagpasan ng isang bagay	tumutukoy sa trabaho o gawain ng isang tao
bugaw	mga táong nagbebenta ng aliw o prostityut; pagtaboy sa hayop o insekto	pagtaboy sa mga hayop o insekto
hangad	nagsasaad ng pagnanais na makamit o makuha ang isang bagay	isang kilos na tumutugon sa paglingon sa itaas
buto	ang pangkalahatang suporta ng katawan na nagbibigay ito ng porma sa kabuuang hugis ng katawan	tumutukoy sa tunog na nabubuo mula sa pagsabog
palit	tawag sa pagbabago sa anyo, ayos, at sa kabuoan ng isang bagay	tawag sa pagbili ng isang produkto sa isang pamilihan
upa	tumutukoy sa bayad bilang renta sa bahay o tinitirahan	tumutukoy sa pagtatalik ng hayop tulad ng manok para makaparami
balak	tumutukoy sa plano ng isang tao	tumutukoy sa tula ng Cebu
pulong	tawag sa pagtitipon-tipon para pag-usapan ang mga mahahalagang bagay	tumutukoy sa mga salitang lumalabas sa bibig ng tao
taya	tawag sa pusta sa isang sugal	tawag sa kalawang sa bakal
kumot	bagay na pantulog na gawa sa tela at pantakip ng katawan bilang pampawi ng ginaw	pagpisil sa isang bagay o bahagi ng katawan ng tao
bitin	kulang o hindi kompleto ang isang kuwento, palabas, at iba pa	tumutukoy sa hayop na gumagapang
baril	bagay na pumuputok na isa sa mga kagamitan ng mga pulis	isang bagay na gawa sa bakal na puwedeng lagyan ng tubig
bitaw	pagbitiw ng kamay mula sa pagkakahawak sa isang bagay	isang ekspresyon na nagpapakita ng pagsang-ayon
gubat	tumutukoy sa lugar na maraming kahoy at hayop	tumutukoy sa digmaan ng dalawang magkasalungat na puwersa

bangaw	tawag sa insektong lumilipad	tawag sa bahaghari na may iba't ibang kulay
sugod	tawag sa pag-atake sa mga kalaban	tawag sa pagsisimula sa isang gawain
ipon	perang naitabi	pagsasama sa iisang bahay ng mag-asawa o magkasintahan
asa	pananalig na matupad o mangyari ang isang bagay na hiniling	tumutukoy sa pagtatanong na saan
lugod	nagsasaad ng kagalakan	tawag sa bagay na ginagamit panligo na ikinikiskis sa katawan ng tao para makuha ang dumi
pagod	kawalan ng enerhiya o lakas na gumawa ng mga gawain	nasunog o nasobrahan sa pagkaluto
lagay	tumutukoy sa katayuan o estado ng isang tao, panahon at iba pa.	pribadong bahagi ng katawan ng tao (sex organ)
lago	ang pag-unlad o pag-usbong ng ekonomiya	madumi o marungis na hitsura
ipis	isang pangkaraniwang peste sa bahay na madalas nating nakikitang gumagapang sa mga basurahan at maduduming lugar	pagsalok ng tubig sa gripo
walis	tawag sa paglilinis gamit ang walis tingting o tambo	pagtanggap ng isang bagay
kamao	tawag sa kamay kapag kinukuyom	tawag sa paglalarawan sa táong may kasanayan o kaalaman sa isang bagay
ilog	isang malaking likas-yaman na daanang tubig	pagkuha sa isang bagay na di pagmamay-ari

Kahit na hindi nagbago ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan, magkaiba pa rin ang kahulugan ng mga ito tulad ng habol, langgam, buto, balak, pulong, baril, gubat, bangaw, ipon at lagay. Dalawa (2) sa mga salitang Tagalog na pang-uri ay naging pangngalan sa Sinugbuanon tulad ng bitin at lugod. Isa (1) sa natalang salita na pang-uri sa Tagalog ang nanatiling pang-uri sa Sinugbuanon gaya ng pagod na magkaiba ang kahulugan sa dalawang wika. Dalawa (2) sa mga salitang Tagalog na pandiwa ang naging pangngalan sa Sinugbuanon tulad ng buhat at sugod. Dalawang (2) salitang Tagalog na pandiwa ang nanatiling pandiwa sa Sinugbuanon tulad ng palit at bugaw. Isa (1) namang salitang Tagalog na pandiwa ang naging panghalip sa Sinugbuanon tulad ng asa. Isa (1) namang salitang Tagalog na pandiwa ang naging pang-abay sa Sinugbuanon gaya ng bitaw.

Makikita sa talahanayan sa kasunod na pahina na ang dalawang wika ay may kani-kaniyang set ng bahagi ng pananalita at may mga magkaparehong salita naman ang napabilang sa parehong klasipikasyon.

Ayon kay Santiago (125 – 130, ang bahagi ng pananalita ay nahahati sa dalawa, ang pangnilalaman

at pangkayarian. Nabibilang sa pangnilalaman ang pangngalan, panghalip, pang-uri, pandiwa, at pang-abay. Dagdag pa niya, sa pansemantikang kahulugan, ang pangngalan ay tumutukoy sa simbolong pasalita na ang isinasaad o ipinapahiwatig ay tao, hayop, bagay, pook, pangyayari, atbp. Sa makabagong pananaw, ang anumang salitang maaaring isunod sa ang/si/, ng/ni, sa/kay, at ang mga anyong maramihan ng mga ito ay isang isang pangngalan o di kayâ ay isang pangngalang gumaganap ng tungkulin ng pangngalan.

Sa pananaw pansemantika, ang panghalip ay tawag sa mga salitang panghalili sa mga pangngalan. Sa pananaw estruktural naman tulad ng nauna, ang pandiwa ay nakikilála sa pamamagitan ng mga pagbabago nito sa iba't ibang aspekto ayon sa klase ng kilos na isinasaad nito.

Sa pamamaraang estruktural, ang pang-uri ay natutukoy dahil sa pagbabagong nagaganap dito ayon sa kasidhian at hambingan at sa estruktural na pagpapakahulugan, ang pang-abay ay nakikilála dahil sa katabi nitong isang pandiwa, pang-uri o isa pang pang-abay sa loob ng paririla, o pangungusap.

Talahanayan 3. Bahagi ng Pananalita

Mga Salita	Bahagi ng Pananalita	Bahagi ng Pananalita
	Tagalog	Sinugbuanong Binisaya
Usa	Pangngalan	Pang-uri
habol	Pangngalan	Pangngalan
langgam	Pangngalan	Pangngalan
lansangan	Pangngalan	Pandiwa
buhat	Pandiwa	Pangngalan
bugaw	Pandiwa	Pandiwa
hangad	Pangngalan	Pandiwa
buto	Pangngalan	Pangngalan
palit	Pandiwa	Pandiwa
upa	Pangngalan	Pandiwa
balak	Pangngalan	Pangngalan
pulong	Pangngalan	Pangngalan
taya	Pangngalan	Pang-uri
kumot	Pangngalan	Pandiwa
bitin	Pang-uri	Pangngalan
baril	Pangngalan	Pangngalan
bitaw	Pandiwa	Pang-abay
gubat	Pangngalan	Pangngalan
bangaw	Pangngalan	Pangngalan
sugod	Pandiwa	Pangngalan
ipon	Pangngalan	Pangngalan
asa	Pandiwa	Panghalip
lugod	Pang-uri	Pangngalan
pagod	Pang-uri	Pang-uri
lagay	Pangngalan	Pangngalan
lago	Pangngalan	Pang-uri
ipis	Pangngalan	Pandiwa
walis	Pangngalan	Pandiwa
kamao	Pangngalan	Pang-uri
ilog	Pangngalan	Pandiwa

Sa pamamaraang estruktural, ang pang-uri ay natutukoy dahil sa pagbabagong nagaganap dito ayon sa kasidhian at hambingan at sa estruktural na pagpapakahulugan, ang pang-abay ay nakikilala dahil sa katabi ito ng isang pandiwa, pang-uri o isa pang pang-abay sa loob ng pararila o pangungusap.

Gaya ng ipinaliwanag sa metodolohiya, ang mga salitang naitalâ ay mga salitang-ugat lámang. May mga salita ritong likás na pandiwa na kahit walang panlaping makadiwang inilagay. Lima rito ay mula sa Tagalog tulad ng buhat, bitaw, sugod, asa at palit.

Siyam naman ang mula sa wikang Sinugbuanon tulad ng lansangan, hangad, kumot, bugaw, palit, upa, ipis, walis at ilog.

Ayon kay Ramirez (2014, n.p.), ang wika ay binubuo ng mga tunog na wasto at malinaw na binibigkas at isinasatitik sa bawat salita o pahayag upang magkaroon ng epektibong paggamit sa layunin na magkaunawaan at makamit ang tagumpay sa pakikipagtalastasan.

Ang wikang Tagalog at Sinugbuanon ay magkakahawig. Ang pagkakahawig nito ay hindi

hudyat sa pagkakapareho nito ng talasalitaan sa magkatulad na bahagi ng pananalita.

PAGLALAGOM AT KONGKLUSYON

Sa pagsusuri sa palatunugan ng mga salita sa wikang Tagalog at Sinugbuanon, natuklasan na maraming mga salita sa dalawang nabanggit na wika ang magkakapareho sa palatunugan at palabuan. Ang pagkakatulad nito ang dahilan sa pagkakapareho ng mga ito sa paraan ng pagbigkas na mauuri bilang malumay, mabilis, at maragsa.

Sa pagkilála at pagsusuri ng kahulugan o rehistro ng mga salitang magkakapareho, natuklasan na kahit magkakatulad ang baybay at bigkas ng mga salita ng dalawang wika, nagkakaiba pa rin ang mga ito sa kahulugan/rehistro dahil na rin sa heograpiko at sosyolingguwistikong dimensiyon ng isang lugar. Nabubuo rin ang wika batay sa gawi, sining, pangangailangan, tradisyon at paniniwala ng isang lugar. Ang pagkakaiba rin sa kulturang umiiral ng bawat lugar ang isa sa mga dahilan ng pagkakaiba sa kahulugan ng mga salita. Nabubúhay at nagkakaroon ng kahulugan ang wika dahil sa paraan ng paggamit ng táong nasa loob ng isang lipunan. Ang pagkabuo ng mga salitang ito ay tinatawag na **leksikong pangkultural**.

Sa pagsusuri naman sa bahagi ng pananalita sa mga salitang magkapareho sa Tagalog at Sinugbuanon, natuklasan na marami sa mga ito ang nagkakaiba ang kinabibilangan at may mga iba na pareho ng bahagi ng pananalita sa dalawang wika. Kahit may mga nananatiling magkapareho ng bahagi ng pananalita, hindi pa rin ito dahilan sa pagkakapareho ng kahulugan nito.

Ang wika ay talagang nakabatay sa lugar kung saan ito nabubúhay at umiiral. Ang pagkakapareho ng mga salita sa wikang Tagalog at Sinugbuanon ay palatandaan ng ugnayan ng mga wika sa Pilipinas na buhat sa iisang angkang Pinagmulan nito.

Ang pagkakaroon ng pagkakaiba ng dalawang wikang sinuri ay buhat na rin sa salik heograpiko at sosyolingguwistik o dahil sa pagkahati-hati ng bansa sa maliliit na kapuluan at sa mga kulturang nabubúhay sa isang lipunan.

Ang bawat lipunan ng Pilipinas ay may natatanging wika na nagsisilbing pagkakakilanlan ng isang

lugar. Ang leksikong pangkultural ay ang bunga sa pagkakaiba-iba ng bawat lipunan ng bansa.

Batay sa resulta ng pag-aaral, inirerekomenda ang sumusunod: magkaroon pa ng maraming pananaliksik na may kinalaman sa wikang lokal nang mapanatili itong buháy, magkaroon ng pagpapalano at bumuo ng mga kagamitang pampagtuturo na kontekstuwalisado at palawakin pa ang akdang pampanitikan gamit ang mga wikang lokal.

MGA SANGGUNIAN

- Bernales, Rolando. A. “*Komunikasyon sa Makabagong Panahon*.” Malabon City: Mutya Publishing House, 2009. Print.
- Dayag, A. and M Del Rosario. “*Pinagymang Pluma 8*.” Quezon City: Phoenix Publishing House, 2014. Print.
- Dayag, A. and M Del Rosario. “*Pinagymang Pluma 11*.” Quezon City: Phoenix Publishing House, 2016. Print.
- Jacaban, Imelda S. “*Pahambing na Pag-aaral sa Kayariang Pangwika ng Wikang Filipino at Cebuano ayon sa Sintaksis*.” Cebu City: Cebu Normal University, 2002. Print.
- Lavov, W. , Cohen, P., Robins, C. & Lewis, J. “A Study of the Non- Standard English of Negro and Puerto Rican Speakers in New York City.” *Cooperative Research Report 3288, Vol. I*. Philadelphia: US Regional Survey, 1968. Print.
- Labov, William. “The Study of *Language in its Social Context*’nasa *Language And Social Context*. Giglioli Cox and Wyman Ltd. Great Britain, 1970. Print.
- Liwanag, Lydia B. “Ang Pag-Aaral ng Varayti at Varyasyon ng Wika: Hanguang Balon sa Pagtuturo at Pananaliksik.” *The Normal Light Journal on Teacher Education*, 2007. Print.
- Pasion, Raymund M. “Yang Pagbul’lók-bul’lok: Varyasyon ng Wikang Mandaya sa Ilang Munisipalidad ng Davao Oriental. ” *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 2015. Print.
- Pesirla, Angel O. “*Ang Linggwistika sa Sugbu-anung Binisaya*.” Malabon City: Anvil Publishing House, 2012. Print.
- Santiago, Alfonso O. “*Panimulang Linwistika*.” Rex Bookstore Inc. Manila, Philippines, 1979. Print.
- Santiago, Alfonso O. “*Makabagong alarilang Tagalog*.” Manila: Rex Book Store, 2003. Print.